**Asian Social Institute**

Graduate School of Economics, Sociology,
Pastoral Sociology, Social Work,
Sociology Major in Pastoral Studies
Education (Specialization in Community Development)
Education (Specialization in Transformational Educational Leadership)
Social Services and Development
Ph.D. in Applied Cosmic Anthropology



# ANG KAMALAYANG NASASALAMIN SA BUHAY AT PANANAW NG KATUTUBONG ALANGAN HINGGIL SA PAGMAMAY-ARI NG LUPAING NINUNO

Isang Disertasyon
na Iniharap sa Paturuan ng
Paaralang Gradwado
Asian Social Institute
Malate, Manila

Bilang Bahagi ng mga Gawaing Kinakailangan sa Pagtatamo ng Titulong
Doctor of Philosophy in Applied Cosmic Anthropology

Gladiolus Marquez Gatdula

Enero, 2012

JUL 11 2012
AKLATANG EMILIO AGUINALDO ARCHIVES

**TALAAN NG MGA NILALAMAN**

PAHINA NG TITULO (Title Page) i
DAHON NG PAGPAPATIBAY (Approval Sheet)) ii
DEDIKASYON (dedication) iii
PAGPAPASALAMAT (Acknowledgement) iv
TALAAN NG MGA NILALAMAN (Table of Contents) viii
TALAAN NG MGA TALAHANAYAN (List of Tables) xi
TALAAN NG MGA PIGURA (List of Figures) xii
MGA DAGLAT NA GINAMIT xiii

**Kabanata I Ang Suliranin at Kaligiran ng Pag-aaral (The Problem and the Background of the Study)**

Ang aking Katutubong Kamalayan (Introduction) 1
Layunin at mga Katanungan ng Pag-aaral *(Objectives and Research Questions of the Study)* 13
Kahalagahan ng Pag-aaral *(Significance of the Study)* 14
Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral *(Scope and Limitation)* 16
Kahulugan ng mga Terminolohiya *(Definition of Terms* 17

**Kabanata II Rebyu sa mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral *(Review of Related Literature and Studies)***

Ang usaping Lupain sa Iba't-ibang Perspektibong Pananaw 20
Ang Lupaing Ninuno sa Ibang Bansa at Pilipinas 25
Ang mga Literatura sa pag-aaral ng mga Katutubo 29
Ang Lupaing Ninuno sa Katutubong Mangyan 35
Mga Kaugnay na Isinagawang Pag-aaral 40
Ang Pagmamatwid ng Pag-aaral 42

**Kabanata III Metodolohiya ng Pag-aaral *(Methodology)***

Kwalitatibong Pananaliksik bilang Pamamaraan 44
Ang Penomenolohiya bilang Metodo 45
Mga Hakbang sa Pagsasagawa ng Pag-aaral 48
- Babad- Malay 48
- Batayan sa Pagpili ng Ka- bahagi 54

- Katutubong Talakayan 57
- Pamamaraan ng Pagkuha ng kanilang karanasan 58
- Ang Paggamit ng mga dokumento hinggil sa Lupaing Ninuno 60
- Proseso sa Paglalahad ng Pagninilay 61
- Ang Simbolong Ipinapahayag ng Pag-aaral 63

Ang Lugar ng Pag-aaral 68

**Kabanata IV Ang Paglalarawan at Paglalahad ng Buhay – Karanasan ng mga Katutubong Alangan sa Mindoro**

Paglalarawan ng Katutubong Mangyan sa Mindoro 69
- Ang mga Tribo ng Mangyan sa Mindoro 74
- Ang Bayan ng Santa Cruz at ang Alangan Mangyan 79
- Ang Lupaing Ninuno at ang Indigenous People's Right Act, 1997 91
- Ang Lupaing Ninuno ng Alangan at Pagkamit ng Katibayan 99

Ang Replektibong Paglalahad ng mga Karanasan at Mga Tematikong Pagninilay 103

Katutubong Talakayan ng mga Piling Kabataan 191

Paglalahad ng Ikalawang Tematikong Pagninilay 197

**Kabanata V Malikhaing Pagbubuod**

Eydetikong Pananaw 227
- Ang Kamalayang Santatlo ng Katutubong Alangan 252

Mga Implikasyong Teoretikal sa Pamumuhay ng mga Alangan 256
- *On Creation Spirituality (Matthew Fox)* 256
- Ang teolohiyang Ugnayang Tao at Mundo *(Tom Berry)* 263
- *On Individuation Process (Carl Jung)* 279

Implikasyon sa Kulturang Pamumuhay 283

Implikasyong Pastoral sa Bikaryato ng San Jose Mindoro 288

Malikhaing Paglalagom 296

Malikhaing Simbolo 301
- Ang Dokumentaryo 302
- Ang Kathang Awit 303

Mga Mungkahi 306

**TALASANGGUNIAN.** 308

**CURRICULUM VITAE** 319

**APENDIKS**

Talaan ng Panahong iginugol sa pag-aaral 321
Mga gabay na katanungan sa pag-aaral 322
Liham ng pakikipanayam sa mga Ka-bahagi 323
Ang Katibayan ng pagmamay-ari ng Lupaing Ninuno 324
Mga Larawan ng Lupaing Ninuno 325
Mga Larawan ng mga Ka- bahagi 326

- TiyoElias Dotimas
- Aplaki Asiong Binyagan
- Manong Roxas Lorenzo
- Manong Loben Garong
- Sr. Beverly Romualdo, MIC
- Kapitan Simo Ruben
- Mag-asawang Opring at Delma Senabo
- Ankol Daguyam Carlos
- Marialyn Sinigmayon
- Mailyn Basito
- Angelo Vicente
- Akbayi Nenita Balbas
- Manong Arthus Benito
- Manong Jun Basa

## TALAAN NG MGA TALAHANAYAN


| No | TITULO | Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Talahanayan ng mga Ka- Bahagi | 56 |
| 2 | Talahanayan ng mga Piling Kabataan sa Katutubong Talakayan | 57 |
| 3 | Populasyon ng mga Katutubong Mangyan sa Santa Cruz | 82 |


AKLATANG EMILIO AGUINALDO INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

## TALAAN NG MGA PIGURA


| No | Titulo | Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Ethnographic Map | 10 |
| 2 | Larawan sa Babad – Malay | 53 |
| 3 | Ilustrasyong Simbolo ng Pamemenolohiya | 67 |
| 4 | Mapa ng Bayan ng Santa Cruz Kanlurang Mindoro | 68 |
| 5 | Mapa ng Mindoro kinalalagyan ng mga tribo ng Mangyan | 78 |
| 6 | Ilustrasyon ng Katutubong Pamamahala sa Siapo | 86 |
| 7 | Larawan ng Kasuotan ng mga Katutubong Alangan | 89 |
| 8 | Ang mga Bahagi ng tahanan ng Alangan | 91 |
| 9 | Ilustrasyon ng Kamalayang Santatlo ng Alangan | 254 |
| 10 | Ilustrasyon sa Pangarap na Mundo (Berry) | 279 |
| 11 | Ang Malikhaing Simbolo | 301 |


De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

## MGA DAGLAT NA GINAMIT

| | |
|---|---|
| **ACA** | Applied Cosmic Anthropology |
| **ASI** | Asian Social Institute |
| **AVSJ** | Apostolic Vicariate of San Jose Mindoro Occidental |
| **BEC** | Basic Ecclesial Community |
| **CADC** | Certificate of the Ancestral Domain Claim |
| **CADT** | Certificate of the Ancestral Domain Title |
| **CALT** | Certificate of the Ancestral Land Title |
| **CBCP** | Catholic Bishops Conference of the Philippines |
| **CIPRAD** | Coalition for Indigenous Peoples Rights and Ancestral Domain |
| **DA – 02** | Department Administrative Order no 2 |
| **DLSU –D** | De La Salle University - Dasmarinas |
| **FPIC** | Free and Prior Informed Consent |
| **IP** | Indigenous People |
| **IPRA** | Indigenous People's Right Act |
| **KAMP** | Katutubong Mamamayan ng Pilipinas |
| **MIC** | Missionary Sisters of the Immaculate Conception |
| **NCIP** | National Commission on Indigenous People |
| **NGO** | Non- government Organization |
| **PANLIPI** | Tanggapang Panligal ng Katutubong Pilipino |
| **PCP II** | Second Plenary Council of the Philippines |
| **PO** | Indigenous People's Organization |
| **UN** | Nagkakaisang Mundo (United Nations) |
| **SANAMA** | Samahan ng Nagkakaisang Mangyan Alangan |
| **SASSAMA** | Sablayan, Santa Cruz Mangyan Alangan |
| **SVD** | Society of the Divine Word |

**A. Ang Dokumentaryo**

Ang unang bahagi ng malikhaing simbolo ang napagkasunduan noong nagmungkahi pa lamang. Ito ang inisyal na mungkahi sapagkat mas mapapalitaw ang kanilang kamalayan sa pamamagitan ng ganitong presentasyon.

Ang dokumentaryo ay isinagawa matapos ang mga panayam sa ka-bahagi. Ang mga ito ay nilapatan ng mga natatanging karanasan ng mga ka-bahagi. Ang kamalayan ng katutubong Alangan hinggil sa lupaing ninuno ay nakapaloob sa dokumentaryong ito. Ang ilang ka-bahagi rin ay minarapat na isama upang maging makatotohanan ang mga nilalaman.

Mahalaga ang dokumentaryong ito sapagkat ito ay ginawa sa tulong ng mga katutubong Alangan. Ang mga kuhang *video* ay nagawa sa tulong ng ilang ka-bahagi na tinuruan upang humawak ng ginamit na *camera*. Ang mga lugar na kinuhanan ay ipinagpaalam sa mga kuyay upang payagang mailarawan ang mga banal na lugar, kanilang kasaysayan at karanasan.

May dulot na pagpapahalaga sa dokumentaryo dahil ito ay maaring magamit sa pagpapalabas ng kanilang kamalayan hinggil sa lupaing ninuno lalo na sa paaralan, simbahan at pamahalaan. Hindi man lubos na propesyunal ang pagkakagawa, ang dokumentaryong ito ay maaring makatulong upang ang kanilang karanasan ay mailarawan kasama ang kanilang kultura at tradisyon. Ang *narration* ay nilikha ng may-akda at ang proseso ng paggawa ay tinulungan ng mga kasama sa departamentong may kaalaman sa paggawa ng presentayon na ito. Ang mga nabanggit sa presentasyong ito ay may kaukulang pagpayag ng mga nakapanayam upang sila ay mailarawan. Ang kamalayang nasasalamin sa buhay at pananaw ng mga katutubong Alangan hinggil sa pagmamay-ari ng lupaing ninuno ay pawang naibuod sa pamamagitan nito.

**B. Ang kathang awit**

Ang pangalawang malikhaing simbolo ay isinulat sa isang komposisyon. Sapagkat ako ay mahilig sa musika, minarapat na ilagay at ilapat ang kathang ito sa katutubong awitin batay na rin sa karanasan at kamalayan ng mga katutubong Alangan. Sapagkat si Manong Arthus Benido bilang ka-bahagi ay may natatanging talino sa pag-awit ng Ambulong o katutubong awit ng mga Alangan, minarapat na isalin ito sa kanilang kulturang awit.

Ang Ambulong ay hindi nangangailangan ng himig kagandahan o tonong nakakaaliw sapagkat ayon kay Manong Arthus, ang ambulong ay mas pinahahalagahan ang mensahe ng awit hindi ang tono nito.

Sa unang taludtod ay mababakas ang kanilang kabanalan. Ang lupaing ninuno na bigay ng kanilang Diyos na si Amang Sa Ugbos. Ang kaloobang nagpapahayag ng pag-ibig ni Amang Sa Ugbos sa mga Alangan. Ang kultura at tradisyong nakaugat ay dito rin ipinahayag.

Ang pangalawang taludtod ay nagpapahayag naman na ang lupaing ninuno ay kanilang buhay, kabuhayang pinagmumulan at kanilang katutubong kaugnayan sa kalikasan. Nagpapahayag din ito ng kanilang nais na huwag mawala ang lupaing ninuno sa kanilang buhay.

Ang pangatlong taludtod ay pagpapahayag ng kanilang pagmamahal sa lupaing ninuno bilang kanilang buhay at pag-asa.

Ang ika-apat at ikalimang taludtod naman ay nagtatanong ng mga hindi kanais-nais na pangyayari sa kanilang lupaing ninuno. Ang mga dayuhang sumisira sa kalikasan, ang pagkamkam ng mga lupain at ang pagpasok ng walang galang. Ang isipang ang mga ito ay nag-iba na hindi kagaya noon una ay ipinahayag rin sa taludturang ito.

Sa ika-anim at ika-pitong taludtod ay ipinapahayag ang kanilang nais na mawala ang mga nakikialam sa kanilang lupain. Narito rin ang kanilang katutubong ugnayang panlahat na nawawala dahil sa mga nanggugulo sa tribo. Ang kanilang mithiing titulo ay nakapaloob din dito upang may panghawakan sa pangangalaga ng kanilang teritoryo. Sa huli, ay ang gabay pa rin ni Amang

sa Ugbos sa tuwina upang ang pangangalaga ng lupaing ninuno ay mapatagumpayan.

**Lupaing Ninuno , ikaw ay aming Buhay**
(awit sa Lupaing ninuno)
Ni: Gladiolus Gatdula

Sa aming kamalayan, buhay at pananaw Si Amang Sa Ugbos lahat ay ibinigay
Naging Sagrado sa aming buhay, Kultura at tradisyon ay dito inialay
Ang karanasang maligaya na abot ng ala-ala, hindi malilimutan sa tuwi-tuwina
Ang pag-ibig na dulot Niya ay tunay na walang hanggan sa aming mga Katutubong Alangan.

Ito ang aming Lupaing Ninuno, Ang buhay ng mga katutubo
Hanapbuhay dito na nakasalalay, teritoryong banal ng aming mga kuyay
O Lupaing Ninuno na aming buhay, Huwag nawawala dahil ikaw ang saysay
Ilog, bundok, kagubatan, mga hayop at iba pang yaman
Linangin ng nararapat ayon sa aming kaugalian

Lupaing Ninuno ay tunay naming buhay, Inaalagaan at aming iginagalang
Pagmamahal ay hindi matatawaran sapagkat ang dulot ay kaginhawaan.

Subalit may katanungan sa aming mga isipan
Bakit may mga pangyayari lalo na sa kalikasan
Malaki ang kaibahan noong una pa man
Ito'y nawawala at nasisira, Kaligayahang dulot niya lungkot na ang dala

Mga Dayuhang sumasakop ng walang pakundangan
Maging aming kultura ay hindi na iginagalang
Ang mga lupain na alam naming amin, Kanilang kinakamkam at nilalapastangan

Tunay na masaya ang aming tribo kung walang nanggugulo
Lahat ay nakaugat sa kulturang kinagisnan
Pagkakaisa at pagbibigayan, hindi kailanman mapapantayan
Winawasak ng mga siganon, isang mapait na karanasan.

Kaya naman ang aming dasal at ritwal
Katibayang ninanais sa amin ay maigawad
Upang lupaing ninuno ay ganap ng maprotektahan sa iba ay ipaglalaban
Andiyan si Amang Sa Ugbos na aming kaagapay, magdadala ng tagumpay

***AMBULONG***

**Indiya Kakuyayan ay Kanyam Buhay**
(Arthus Benido)

In Kanyam atawanan at arumruman In Amang sa Ugbos Lahat tiyangay
Panitulon Malno ay kanyam Arumuruman Igbatay anawoyan kamay ang kadugay
In pagmamahal tiyangay sa Kanyam sa Mangyan Alangan

In Kanyam diya kakuyayan ay kanyam buhay mga Mangyan
Agay in hanapbuhay atai agrakay , paguliyan pagayaw in kanyam mga Kuyay
Indiya Kakuyayan ay kanyam buhay
Ayaw- anawiyan kao in samputan
Malbeng, Bulod, Bagbag, Hayop at Kayamanan, Solomon in maalno batang kaugalian

Indiya Kakuyayan ay kanyam buhay
Kanyam tagalapot at diyag maal, In agpakayawto igbatay biyaliwan
Dahil in Kalabuan Agkapyaan

Lamang apo butog kanyam rumrum
Kabatang apo agipawangwat lalo sa kanyam bagbag, Lakonan in yalis Batang Tanguna
Agkawala- wa, batay na agkarukas Nagkapuslan imbatay kalabuan Agpaurong in Pagtangayan

Mga Siganon agakon dapo agkalimo Kamay kanyam ugali idwa giyalang
In mga diya na kanyam atawanan ay kanyam piyagakon pagrukas

Totoo – ngas agkapuslan in Alangan, no dapo agparungat
In laat agipoon sa ugali saparakayan
Agpaytulungan agpalbahaginan ay yowod batay Diya- og
Pagrukas mga siganon in Bagyano Pagkarumrumata

Kaya in kanyam mga pansula  mga panalangin mangasawotan
Pagrigunan sa kanyam wa tangayon waka indiya kakuyayan ay kanyam
Wa piyagalapot saruma ay piyagpalaban, hasina in Amang Sa Ugbos ay kanyam Sarig, agbaba in Kapandaugan

**Mga Mungkahi**

1. Sa Pamunuan ng Pamahalaan : Ang batas ng IPRA ay tuluyang maisatupad sa pangangailangan ng mga katutubong Alangan. Ang Katibayan ng Lupaing Ninuno *(Certificate of the Ancestral Domain Title)* ay maigawad agad upang ang kasiggurahan ng pagmamay-ari sa lupain ay kanilang makamtan. Ang mga programang pang kaunlaran ay nararapat ding maibigay sa mga katutubo kasama na ang pagprotekta sa kanilang karapatan. Ang edukasyon ay gawing pangunahing programa upang matulungan ang mga kabataang pag-asa ng mga Alangan. Maipaliwanag ang mga proyektong papasok sa tribo, proyekto namang tutugon sa kanila at hindi makakasira, magalang na pagpasok at pagpapaalam sa pamamagitan ng *FPIC.*

2. Sa Simbahang Katolika: Upang mapanatili ang kanilang kulturang nakasanayan, hindi ebanghelisasyon ang ilapat kundi ang pagtataguyod nito. Makapagbigay ng programang hindi tulong na materyal kundi ang pagbibigay ng mga paghuhubog na nakaugat pa rin sa kulturang Alangan. Ang pagpapatuloy din ng misyon para sa Mangyan ay dapat manatili lalo na ang pagbibigay ng isang paring nakatuon (direktor) sa programa ng PASAKAMI (Pantribong Samahan ng Kanlurang Mindoro).

3. Sa mga Misyonero: Upang maihanda nila ang mga katutubo sakali mang lisanin nila ang lugar ng paglilingkod. Ang pagtuturo ng pagtindig sa sariling mga paa upang mapanatili ang kaayusan kahit sila ay wala na sa lugar.

4. Sa mga Tagalog : Upang magkaroon ng kamalayan sa karapatan ng mga katutubo. Ang paggalang sa mga ito ay malaking kontribusyon sa damdamin ng mga katutubong Alangan. Ang sapat at pantay na

pagtingin sa mga katutubo ay lumawak at hindi diskriminasyon ang naibibigay.

5. Sa Pamunuan ng Paaralan (publiko o probado): Upang maglaan ng mga panahong pag-aaral tungkol sa kultura ng mga katutubo. Ang tahasang pananaliksik upang mas mapatibay pa ang mga kulturang nabubuhay sa kasaysayan. Sila ay maging instrumento sa pagpapalaganap ng mga impormasyong may kaugnayan sa mga katutubong kultura at kaalaman. Sa pampublikong paaralan, upang mailagay sa kurikulum ang mga kaugnayang pag-aaral sa katutubo.

6. Para sa ma Kawani ng Midya at Komunikasyon: upang mabatid nila ang kanilang gampanin sa lipunan lalo na sa pagsasahimpapawid ng mga kaalamang pangkatutubo. Kaugnay nito ang paglulunsad ng mga programang pangkatutubo para sa pagpapaangat ng mga kamalayan sa katutubong gawain upang ito ay mahayag sa mga taong hindi naniniwala sa kulturang nakagisnan ng mga katutubo.

7. Sa mga Katutubong Alangan: Mas paigtingin ang pagpepreserba nila ng kultura at tradisyon upang ito ay manatili. Ang pagtuturo sa mg kabataan ay ipagpatuloy upang sa hamon ng makabagong sistema na pumapasok sa kanila ay hindi tuwirang makasira bagkus pagpapalalim pa nito sa tulong ng edukasyong inihahain ng Pamahalaan.

8. Sa NCIP: mas maigting na pagbibigay halaga sa karapatan ng mga Katutubo upang masiguro na ang progrmang inihahain ng gobyerno ay mailapat sa kanilang kulturang pamumuhay.

9. Sa susunod na pag-aaral: Mas malalim na penomenolohiyang pananaliksik sa mga katutubong kalinangan ng lupaing ninuno.